

# KALATAS

*Opisyal na Pahayagan ng Rebolusyonaryong Mamamayan ng Timog Katagalugan*

EDITORIAL

## Labanan ang lumalakas na tunguhing kanan ng rehimeng Duterte! Isulong ang digmang bayan!

**N**agbukas ng maraming oportunidad para sa rebolusyonaryong kilusan ang pagkakaluklok kay Rodrigo Duterte bilang punong hepe ng reaksyunaryong guberno. Siya ang kauna-unahang presidente na nagbukas ng pakikipagtulungan at kooperasyon sa rebolusyonaryong kilusan at tinawag ang kanyang sarili bilang “kaliwa” at sosyalista. Subalit matapos ang unang taon ng kanyang panunungkulan, ngayo’y higit nang nangingibabaw at lumalakas ang kanyang kanan at militaristang tunguhin.

Sa pamamagitan ng tinagurian niyang “inclusive government”, tinanggap niya sa loob ng kanyang gabinete ang mga ninombrahan ng National Democratic Front of the Philippines na mga personalidad na subok na progresibo at makabayan, gayundin ang mga sagadsaring reaksyunaryo at anti-mamamayan.

Nagbukas siya sa pagpapatuloy ng usapang pangkapayapaan at nangakong palalayain ang mga konsultant at personel ng NDFP para sa negosasyon, gayundin ang higit 400 detenidong pulitikal sa pamamagitan ng pagdedeklara ng amnestiya.

Bago pa man manalo, ipinangako ni Duterte sa masang manggagawa at magsasaka ang kagyat na pagtapos sa kontraktwalisasyon at pagbabasura sa “endo”, pagpapatupad ng programa para sa reporma sa lupa at ang pagtataguyod ng isang nagsasariling patakarang panlabas—mga dahilan upang umani siya ng popular na suporta ng malawak na hanay ng mamamayan.

Ang mga bagay na ito na ipinahayag ni Duterte na kung magkakatotoo’y pakikinabangan ng mamamayan ay ikinalugod ng Partido Komunista


ng Pilipinas at buong rebolusyonaryong kilusan. Ang mga partikular na usaping ito ang siyang naging batayan ng pakikipagkaisa ng PKP. Hinamon siya ng rebolusyonaryong kilusan na patunayan kung tunay nga niyang paninindigan ang kanyang mga ipinahayag.

Subalit, habang tumatagal ay higit na lumalakas ang kanan at militaristang tunguhin ng reaksyunaryong guberno, papalayo sa deklarasyong “kaliwa” at sosyalista ni Duterte.

Sa kabila ng mga anti-US na retorika, patuloy pa ring ipinatutupad ni Duterte ang mga di-pantay na kasunduan at tratado sa pagitan ng Pilipinas at imperyalismong US tulad ng Mutual Defense Treaty, Visiting Forces Agreement at Enhanced Defense Cooperation Agreement.

Mistulang kinalimutan na niya ang ipinangakong malayang patakarang panlabas kahit pa nagbukas ng pakikipag-ugnayan sa iba pang mga bansa tulad ng Russia at China. Ang mga pinasok na kasunduan ni Duterte sa China

tulad ng mga proyektong imprastruktura ay magpapalobo lamang ng utang panlabas ng bansa at magpapahigpit sa kontrol at dikta ng



dayuhan sa Pilipinas.

Nananatili sa kanyang gabinete ang mga sagadsaring maka-imperyalistang US at tagapagpatupad ng mga patakarang neoliberal sa ekonomiya tulad nina Director General Ernesto Pernia ng National Economic Development Authority, Secretary Carlos Dominguez III ng Finance Department at Secretary Benjamin Diokno ng Department of Budget and Management. Mag-iisang taon na sa kapangyarihan, hindi pa rin ibinabasura ng rehimen ang patakarang “endo”, nagpapatuloy ang kontraktwalisasyon at nananatili pa ring hindi-nakabubuhay ang sahod ng mga manggagawa. Wala pa ring ipinatutupad na bagong reporma sa lupa na pakikinabangan ng mga magsasaka.

Sa usapang pangkapayapaan, bagamat umabot na hanggang sa ikaapat na serye ang negosasyon, pilit naglalagay ng karagdagang mga balakid ang

rehimeng Duterte sa paggigiit ng isang bilateral na kasunduan sa tigil putukan nang hindi pa napag-uusapan ang pinakamahahalagang usapin sa Comprehensive Agreement on Socio-Economic Reforms (CASER). Matatandaang sa unang serye, tampok ang naging pagpapalaya sa mga konsultant ng NDFP na nakalahok sa negosasyon sa Norway, ang muling pagtitibay sa mga nagdaang kasunduan, ang muling pagbubuo ng listahan ng mga konsultant ng NDFP para sa Joint Agreement on Safety and Immunity Guarantees (JASIG) at ang pagpapabilis ng negosasyon.

Dahil sa matagumpay na pagdaraos ng unang serye, nagbigay din ng pambihirang konsesyon ang rebolusyonaryong kilusan, partikular na ang pagdedeklara ng mahabang unilateral na tigil-putukan para magbukas ng kaaya-ayang klima sa pagpapatuloy ng negosasyon.

Napagkasunduan ang balangkas ng CASER sa ikalawang serye sa kabila ng ilang mga suliraning kinaharap tulad ng kawalan ng paghahanda ng GRP sa ihahain nitong borador ng balangkas hinggil sa Social and Economic Reforms o SER. Muli ring naigiit ng NDFP ang pagpasok ng resolusyon hinggil sa kagyat na pagpapalaya ng natitira pang mga konsultant at ang higit 400 detenidong pulitikal.

Gayunman, mayroon nang pamamahayag noon si DND Secretary Delfin Lorenzana na hindi ipagkakaloob ang amnestiya hangga’t walang tigil-putukan, at ang tinaguriang “ceasefire amnesty” ay ibibigay lamang sa dulong bahagi ng usapan.

Sa kabila ng magkatugong deklarasyon ng tigil-putukan kapwa ng GRP at NDFP, iniulat ng mga yunit ng Bagong Hukbong Bayan ang nagpapatuloy na mga operasyong militar ng Armed Forces of the Philippines, Philippine National Police at mga grupong paramilitar habang nananatiling nasa aktibong-depensa ang Pulang hukbo.

Tampok naman sa ikatlong serye ang pagkakasundo ng NDFP at GRP sa libreng pamamahagi ng lupa para sa mga magsasaka bilang balangkas ng CASER.

Gayunman, mula pa sa ikalawa hanggang sa ikalimang serye, mariin nang iginigiit ng GRP Panel ang kundisyon ni Duterte na magkakaroon lamang

# KALATAS

**HUNYO 2017**  
**Tomo 37 Bilang 3**

## NILALAMAN

1	<i>Editorial</i>
4	<i>Digmang bayan ang sagot sa banta ng Batas Militar sa buong bansa</i>
5	<i>Wakasan ang kontrol ng mga imperyalista sa industriya ng pagmimina sa bansa</i>
7	<i>Hunyo 1917: Unang Kongreso ng mga Sobyet at ang pagbigyo sa opensiba ng Probisyon na Gubyerno</i>
	<i>Balitang TO</i>
8	<i>Laban ng mga manggagawa, nagpapatuloy Huwad na kalayaan, sinalubong ng protesta Pagpapatigil ng demolisyon ng pangisdaan, kinundena</i>
9	<i>Bantay Karapatan</i>
	<i>Red alert status, idineklara sa TK at Bikol</i>
10	<i>Kultura</i>

---

ng amnestiya para sa mga detenidong pulitikal kapag napirmahan na ang kasunduan hinggil sa pagwawakas ng mga labanan at disposisyon ng pwersa.

Sa ikaapat na serye, bagamat naurong ng isang araw ang aktwal na pagsisimula, nagawan ng paraan ng mga panel ng NDFP at GRP na ituloy pa rin ang negosasyon at dito napagkasunduan ang libreng pamamahagi ng lupa para sa mga magsasaka.

Gayunman, sa ikalimang serye, nagmamatigas na si Duterte na walang magaganap na negosasyon hangga't walang tigil-putukan. Matibay ang kanyang paninindigang itali ang kamay ng rebolusyonaryong kilusan sa isang bilateral na tigil-putukan kahit na wala pang makabuluhang mga repormang ipinatutupad tulad ng CASER. Humantong ito sa makaisang panig na pagkansela ng GRP sa ikalimang serye ng usapang pangkapayapaan.

Bago pa man ito, matapos bawiin ng NDFP ang unilateral na tigil-putukan noong Pebrero dahil sa pagpapatuloy ng mga opensibang militar ng AFP laban sa BHB, inilunsad sa pangunguna ng mga militarista at maka-kanan sa gubyernong Duterte na sina Lorenzana, Esperon at Año, ang todo-gera laban sa rebolusyonaryong kilusan. Nangyari ito bago pa man ang ikatlong serye ng negosasyon.

Iligal namang inaresto ang mga konsultant ng NDFP na sina Rommel Salinas, Ferdinand Castillo at Promencio Cortes. Muling inaresto si Ariel Arbitrario subalit napalaya na rin kinalaunan. Matapos ito, wala nang iba pang napalayang konsultant. Wala ring napalaya sa higit 400 detenidong pulitikal sa inisyatiba ng GRP.

Sa kabila ng mga tangkang pananabatohe, nagawan ng paraan kapwa ng mga panel ng NDFP

at GRP na isalba ang negosasyon. Gayunman, sa pangingibabaw ng mga militarista at maka-kanan sa reaksyunaryong gubyerno na suportado ng US, higit na nanganganib ang tuluyang pagtapos sa usapang pangkapayapaan.

Sa kasalukuyan, higit na dumarami ang itinatalagang mga dating mataas na opisyal ng militar sa loob ng administrasyong Duterte, tulad na lamang ni Roy Cimatú na itinalagang bagong kalihim ng Department of Environment and Natural Resources, habang si Año naman ang mangunguna sa Department of Interior and Local Government matapos itong magretiro sa AFP.

Ang lumalakas na tunguhing kanan ni Duterte ay nagbubunsod ng lumalakas na banta ng pagdedeklara ng Batas Militar sa buong bansa. Higit na nagiging malinaw ito sa gitna ng pagpapatuloy ng mga labanan sa Marawi City matapos ipataw ang Batas Militar sa Mindanao at siyang kinapapanabikang mangyari ng mga militarista sa administrasyon.

Dapat ilantad ang nakatagong kamay ng imperyalismong US sa pangingibabaw ng mga militarista sa loob ng reaksyunaryong gubyerno na higit na nagpapalakas sa tunguhing kanan ng rehimeng Duterte. Lumalabas ngayon na walang laman at hungkag ang deklarasyong sosyalista at “kaliwa” ni Duterte.

Dapat labanan ang mga anti-mamamayan at anti-demokratikong patakarang isinusulong ng rehimen. Dapat na mariing labanan ang Batas Militar sa Mindanao at ang maliwanag na banta ng pasistang paghahari sa buong bayan. Higit na palakasin ang rebolusyonaryong kilusang masa at armadong pakikibaka upang isulong ang digmang bayan. ☒

Ang **KALATAS** ang opisyal na pahayagan ng rebolusyonaryong mamamayan ng Timog Katagalugan. Pinapatnubayan ito ng **Marxismo-Leninismo-Maoismo**. Inilalathala ito ng **Partido Komunista ng Pilipinas (MLM)** at ng **Bagong Hukbong Bayan ng Timog Katagalugan**.

Inaanyayahan ng Patnugutan ang mga mambabasa na mag-ambag sa pagpapahusay ng ating pahayagan. Magpadala ng mga komentaryo at mungkahì, balita at rebolusyonaryong karanasan na maaaring ilathala sa ating pahayagan.

[kalatastk@gmail.com](mailto:kalatastk@gmail.com)

[balikwastk.wordpress.com](http://balikwastk.wordpress.com)

## Digmang Bayan ang sagot sa banta ng Batas Militar sa buong bansa

Lumilinaw ang tunay na intensyon ng mga militarista sa rehimeng Duterte. Matapos ideklara ang Batas Militar sa Mindanao, hindi magtatagal ay idideklara naman ang *red alert status* sa mga rehiyon ng Timog Katagalugan at Bikol. Sa kabila ng pagtanggap ng rehimen na hindi target ng Batas Militar ang Bagong Hukbong Bayan at buong rebolusyonaryong kilusan, tinutunggali naman ito ng mga militarista sa kanyang gabinete at ng Armed Forces of the Philippines. Mismong ang tagapagsalita ng AFP na si Brig. Gen. Restituto Padilla ang nagpahayag na ang deklarasyong *red alert* ay pangunahing nakatuon sa Bagong Hukbong Bayan sa naturang mga rehiyon.

Kung gayon, ano ang ipinahihiwatig nito? Malinaw na ginagamit ng mga militarista at pasista sa guberno ang krisis at kaguluhan sa Marawi at ang pagsugpo at pagtugis sa grupong Maute upang gawin ang pinaka-inaasam-asam ng mga pasista—ang **BATAS MILITAR**. Batas Militar hindi lamang sa Mindanao kundi sa buong bansa. Hindi nag-aksaya ng panahon, halos pinatag ng AFP ang buong syudad ng Marawi sa sunud-sunod na pambobomba, panganganyon at walang habas na pagpapaulan ng bala. Naglunsad din ang AFP ng mga pag-atake sa Davao del Sur, Bukidnon, North Cotabato, at Compostela Valley, gayong napakalayo ng mga ito sa sinasabing “rebelyon” ng mga Maute.

Samantala, sa iba’t ibang bahagi ng rehiyong TK, laganap ang *checkpoints* kung saan hinaharang ang lahat ng mga sasakyang dumaraan at inuusisa ang detalye ng kanilang byahe at destinasyon. Pilit na nililikha ng AFP ang kundisyon para mabigyang dahilan ang kanilang mga operasyong militar sa mga komunidad. Kamakailan lamang, lumikha ng pangamba sa mamamayan ang ginawang pagpatay sa Mayor ng Balete, Batangas sa gitna ng *basketball court* kung saan malisyosong itinuro agad ng AFP sa BHB ang sisi gayong ang sindikatong kriminal na nasa AFP na kalaban ng Mayor ang gumawa nito. Matapos ang insidente, naglunsad ng operasyon ang kaaway sa mga pinaghihinalaang komunidad na may malakas na impluwensya ang rebolusyonaryong kilusan.

Higit na pinalala ng Batas Militar sa Mindanao ang mga kaso ng paglabag sa karapatang pantao at kalayaang sibil ng mamamayan. Dagdag pa ito sa pinsalang idinulot ng mga umiiral na kampanyang *war on drugs*, DSSP Kapayapaan at deklarasyong *all out war* laban sa rebolusyonaryong kilusan.

### 5 sa 59 na mga personalidad mula sa AFP at PNP at mga krimen nila laban sa mamamayan

#### DELFIN LORENZANA

- *sagadsaring tuta ng imperyalismong US at sangkot sa pagpasok ng tropang Amerikano at paglahok nito sa mga operasyong militar ng AFP sa Marawi City; at, nanguna sa all out war laban sa rebolusyonaryong kilusan na nagdulot ng malawakang paglabag sa karapatang pantao*



#### EDUARDO AÑO

- *dating SolCom chief; namuno sa madugong pag-atake sa South Quezon-Bondoc Peninsula; nagpakat ng katumbas sa walong batalyon ng pinagsanib na pwersa ng AFP at CAFGU, kasama ang PNP, at utak sa malawakang pagpaslang, iligal na pag-aresto at pandarahas sa mamamayan*



#### HERMOGENES ESPERON, JR

- *dating hepe ng AFP (2006-2008) at nagpatupad ng marahas na Oplan Bantay Laya II kung saan maraming aktibista ang pinaslang, iligal na inaresto at sinampahan ng gawa-gawang kaso*



#### RICARDO VISAYA

- *utak ng mga ekstrahudisyal na pamamaslang sa mga magsasaka at katutubong Lumad sa Bukidnon at dinala ang madugong track record sa TK nang italagang hepe ng SolCom*



#### ROY CIMATU

- *naging tagapagpatupad ng madugong war on terror nang maging hepe ng AFP noong rehimeng US-Arroyo; bahagi ng Oplan Habol Tamaraw na nanghalihaw sa komunidad ng mga magsasaka at katutubong Mangyan sa Mindoro*





---

Ano nga ba ang aasahan pa kung bumibilang na sa 59 na mga dating opisyal ng AFP at PNP, at mga tuta ng imperyalistang US na may madugong rekord ng mga paglabag sa karapatang pantao ang itinalaga ni Duterte sa mga susing pwesto sa guberno? Sa pangigingibabaw ng mga militaristang tigmak sa dugo ang mga kamay, hindi pagtatakhang tumingkad ang banta ng Batas Militar sa buong bansa.


Sa pagpapairal ng Batas Militar sa Mindanao, unti-unting nahuhulma sa kaisipan ng mamamayan ang pagiging pangkaraniwan na lamang ng karahasan at pamamaslang. Pilit na ipinatatanggap at ipinalulunok sa sambayanan ang kinamumuhiang Batas Militar ng rehimeng US-Marcos. Kung tutuusin, pinalalaki na lamang nang husto ng mga militarista ang kaguluhan sa Marawi upang bigyang-katwiran ang pagpapataw ng Batas Militar at palawigin pa ito sa buong bansa.

Kung gayon, nagiging malinaw na ang ultimong layunin ng Batas Militar ay hindi lamang laban sa grupong Maute kundi upang supilin ang mga pakikibaka ng mamamayan na magdudulot ng pagyanig sa naghaharing sistema.

Tulad ng magiting na paglaban ng sambayanan sa

pasismo ng estado, dapat na labanan ang banta ng pormal na panunumbalik ng paghaharing militar sa buong bansa. Dapat ipamalas ng mamamayan ang kanilang dambuhalang pinagsamang lakas upang yanigin ang naghaharing uri at labanan ang panunupil at pandarahas nila sa sambayanan.

Dapat higit na palakasin ang armadong pakikibaka sa kanayunan at higit na pasiglahin ang maramihang pagpapasampa sa Bagong Hukbong Bayan. Dapat pandayin ng BHB ang kanyang sarili, pataasin ang kakayahan, paigtingin ang digmang bayan na siyang sagot sa banta ng Batas Militar sa buong bansa, at patindihin ang mga taktikal na opensiba para aktibong ipagtanggol ang sarili at ang mamamayan. Makatwiran lamang na ipagpatuloy ng BHB ang mga aksyong militar laban sa AFP at PNP na nandarahas sa mamamayan, sa malalaking negosyong sumisira sa kalikasan at kabuhayan ng mamamayan, at sa lahat ng nagdudulot ng malawakang dislokasyon ng mga komunidad at lumalabag sa karapatang pantao.

Nakahanda ang BHB at rebolusyonaryong mamamayang labanan ang reaksyunaryong armadong pwersa ng estado at ipagtanggol ang mga karapatan at kalayaang sibil ng sambayanang Pilipino. 

---

## Wakasan ang kontrol ng mga imperyalista sa industriya ng pagmimina sa bansa

Nananatili ang kontrol ng mga dayuhan at malalaking kumpanya sa industriya ng pagmimina sa bansa. Sinuhayan ng iba't ibang batas ng reaksyunaryong guberno ang interes ng mga imperyalista at lokal na mga PML-kumprador upang patuloy na dambungin ang mga likas na yaman sa bansa sa kapinsalaan ng mamamayan.

Sa Timog Katagalugan, hindi lamang pinsala sa kapaligiran ang dulot ng makadayuhang pagmimina kundi higit na pagdurusang ng mamamayan. Kabilang sa mga ito ang Citinickel Mining Company, Rio Tuba Nickel Mines Corporation, Coral Bay Nickel Mining Corporation, Ipilan Nickel Corporation, Palawan Quicksilver Mines at Macroasia sa Palawan; Intex Mines sa Mindoro; at Veronica Iñiguez Lee (VIL) Mines sa Quezon.

Kabilang sa mga pangunahing epekto ng mga

dambuhalang kumpanyang ito ang pagkawasak ng kalikasan dulot ng paggiba ng mga kabundukan at kagubatan at pagkontamina ng mga nakalalasang kemikal sa tubig at hangin, pagsira ng kabuhayan ng mga magsasaka at pambansang minorya dulot ng malawakang pangangamkam ng lupa at pagkalason sa kalusugan ng mamamayan. Matindi at pangmatagalan ang epekto ng pagkasira sa kalikasan, kabuhayan at mismong buhay ng mamamayan sa saklaw ng mga dambuhalang minahan.

Sa kabila nito, matigas pa rin ang reaksyunaryong estado sa pagpapatupad ng mga batas at patakarang pangunahing kumakandili sa dayuhan at lokal na korporasyon sa mina. Sa pamamagitan ng Mining Act of 1995 ng rehimeng US-Ramos, nabuyangyang ang malalawak na lupain sa bansa sa sinumang dayuhan o lokal na mga kapitalista na makapandambong sa

ating yamang mineral. Kasabay ng pagpatay sa lokal at maliitang pagmimina at higit pang pagpabor sa dayuhang interes ay ipinatupad naman ng rehimeng US-BS Aquino ang Executive Order 79.

Higit pang pinalala ng sitwasyon ang karahasang tulak ng pagpasok ng malalaking negosyo ng mina sa bansa sa paggamit nito sa reaksyunaryong armadong pwersa ng estado. Pangunahing instrumento ng dayuhan at lokal na mga korporasyon ang mga yunit ng AFP para pwersahin ang mamamayang lisanin ang kanilang mga komunidad sa pamamagitan ng dahas. Ang AFP rin ang nagsisilbing pribadong *goons* ng malalaking negosyo sa pagbabantay at pangangalaga ng interes ng mga minahan.

Bagamat nagbukas ng mga bagong reporma ang pagkakaluklok ng isang progresibong indibidwal sa Department of Environment and Natural Resources sa katauhan ni Gina Lopez, naglaho itong parang bula sa maagap na pagkakasibak sa kanya upang paboran ang interes ng malalaking negosyo.

Walang ibang seryosong nangangalaga at nagtatanggol sa kalikasan at kabuhayan ng mamamayan kundi ang rebolusyonaryong kilusan. Sa rehiyon, inilulunsad ng mga yunit ng BHB ang mga operasyong pamamarusa sa mapaminsalang mga korporasyon tulad ng Citinickel noong 2013 at 2014, Iplan Nickel at Macroasia noong 2013, at VIL Mines noong 2012. Ipinagbunyi ng mamamayan ang paghinto ng mga operasyon ng ilan sa mga minahang pinarusahan tulad ng Iplan Nickel at Macroasia sa Palawan at VIL Mines sa Quezon.


Higit pasapaggawad ng parusa sa mapaminsalang mga kumpanya, nilalayan ng rebolusyonaryong kilusan ang pagwawakas sa makadayuhan at anti-mamamayang polisiya ng reaksyunaryong guberno sa pamamagitan ng digmang

bayan. Sa pananagumpay ng digmang bayan, ipatutupad ng itatayong demokratikong pamahalaang bayan ang pambansang industriyalisasyon.

Sa pamamagitan ng pambansang industriyalisasyon, kagyat na isasabansa ang mga estratehikong industriya tulad ng pagmimina kasabay ng pagpapatupad ng tunay na reporma sa lupa at pagtatayo ng mga batayan at mabibigat na industriya na may kakayahang lumikha ng mga batayang metal, kemikal at makinarya upang makamit ang kumprehensibong pag-unlad ng pambansang industriya at ekonomya. Kasabay nito ang pagpapaunlad sa magaanang industriya na magsisilbing ugnay ng mabibigat na industriya sa umuunlad na agrikultura ng bansa. Titiyakin nito ang paglikha ng pangunahing mga produktong pangkonsumo at tutugon sa batayang pangangailangan ng kanyang mamamayan.

Mamaksimisahin ng demokratikong pamahalaang bayan ang lahat ng mga pagsisikap at rekurso pangunahin ang malaking hukbo ng paggawa at likas na kayamanan ng bansa para sa pambansang industriyalisasyon. Hihikayatin ng estado ng mamamayan ang makabayang mga negosyante na positibong mag-ambag sa pambansang ekonomya para pagsilbihin sa komprehensibo at maka-mamamayang programa nito. Ipaialalim ng pamahalaang bayan sa regulasyon ang pribadong kapital upang mapangalagaan ang ekonomya at maisagawa ang mga hakbang upang maibalik sa ayos at mapangalagaan ang kalikasan.

Sa pagkumpleto ng mga rekisito sa pambansa-demokratikong rebolusyon, kagyat na sisimulan ang sosyalistang transpormasyon at konstruksyon sa ekonomya ng bansa. Dodominahin ng pampublikong pagmamay-ari ang lahat ng kagamitan sa produksyon at titiyakin ng estado ang isang planadong ekonomya na magdidirehe sa isang balansyadong sosyalistang ekonomya. ☒



## Hunyo 1917: Unang Kongreso ng mga Sobyet at ang pagbigong sa opensiba ng Probisyunal na Gobyerno

Isandaang taon na ang nakararaan, naganap ang Unang Kongreso ng mga Sobyet sa buong Rusya noong Hunyo 3, 1917. Bagama't minoritya pa ang Bolshevik sa kongreso na noo'y dominado ng bloke ng mga partidong petiburges tulad ng mga Menshevik at Sosyalista-Rebolusyonaryo, iginiit nilang bigyang-diin ang kawastuhan ng linyang dala ng Partido at kasabay na inilantad ang mga kamalian sa linya at taktika ng mayoryang bloke sa Kongreso. Tahasang inilinaw ni Lenin na tanging ang gobyerno ng mga Sobyet lamang ang makakatugon sa pangangailangan ng uring anakpawis at iba pang inaaping uri sa Rusya.

Kasabay nito, inilunsad ang isang kampanyang masa sa mga distrito ng uring manggagawa sa Petrograd para organisahin ang isang demonstrasyon at magharap ng kahilingan sa Kongreso ng mga Sobyet noong Hunyo 18, 1917 (Hulyo 1). Nakapagpakilos

silang 400,000 demonstrador bitbit ang mga islogang: "Itigil ang digmaan!" "Ibagsak ang sampung kapitalistang Ministro!" "Lahat ng kapangyarihan para sa mga Sobyet!"



Nagsikap ang Probisyunal na Gobyerno na isabotahe ang pagkilos ng mga Bolshevik sa pamamagitan ng pagmaniobra sa Unang Kongreso ng mga Sobyet pabor sa interes ng burgesya at ng mga imperyalistang Ingles at Pranses at pagpapadala ng mga sundalo sa larangan para mag-opensiba. Ngunit nabigo ang pakanang ito ng burgesya at nag-umapaw ang rebolusyonaryong ngitngit ng mga manggagawa sa Petrograd. [1]

*\*Ito ang una sa serye ng mga artikulong ilalathala sa Kalatas tungkol sa Dakilang Rebolusyong Oktubre.*

## Balitang TO

### ***Kumpanyang pumipinsala sa kalikasan at kabuhayan ng mamamayan, pinarusahan ng BVC***

Pinarusahan ng Bienvenido Vallever Command-BHB Palawan ang Newington Construction Company ng Pamilyang Gardiola bilang tugon sa hinaing ng mamamayang apektado ng mapaminsalang operasyon nito. Isinagawa ang pamamarusa noong Hunyo 19 sa Brgy. New Canipo, San Vicente, Palawan. Sinunog ng mga Pulang mandirigma ang apat na *dumptruck*, tatlong *backhoe*, isang *grader* at isang pison. Walang nadamay na sibilyan sa nasabing operasyon ng Pulang hukbo.

Malaon nang inirereklamo ng mga Palaweño ang *illegal quarrying* ng Newington na pumipinsala sa kalikasan at sa kabuhayan ng mamamayan. Nakikipagsabwatan ito sa lokal na pamahalaan upang makakuha ng malalaking kontrata sa konstruksyon

na siya namang ginagawang palabigasan ng mga reaksyunaryong pulitiko.

### ***AMC-BHB Quezon binigwasan ang 85th IBPA***

Matagumpay ang inilunsad na kontra-opensiba ng Apolonio Mendoza Command-BHB Quezon laban sa 85th Infantry Battalion ng Philippine Army noong Hunyo 18. Pinasabugan ng mga Pulang mandirigma ang isang *military truck* sakay ang 24 sundalo sa Brgy. Ajos, Catanauan, Quezon. Aabot sa 10 pasistang tropa ang kaswalti sa nasabing operasyong militar kabilang ang dalawang *corporal* habang ligtas namang nakaatras ang BHB.

Tugon ito sa mga inilunsad na operasyong militar ng 85th IBPA mula pa noong Hunyo 15 na naghahasik ng takot sa mga komunidad ng mamamayan. [2]

---

## Laban ng mga manggagawa, nagpapatuloy

**N**agtayo ng *protest camp* ang mga manggagawang kontraktwal sa Coca Cola-Philippines sa pamumuno ng LIGA na Pinalakas ng Manggagawa sa Coca Cola FEMSA Philippines mula noong Mayo 29 sa pabrika nito sa Sta. Rosa, Laguna. Pangunahing isyung bitbit nila ang paggigiit na gawing regular ang 675 kontraktwal batay sa kautusan ng Department of Labor & Employment (DOLE) matapos ang pagsasara ng MaxLink Labor Agency na pinagmulan ng karamihan sa mga manggagawa.

Iginigiit ng Coca Cola na 34 na manggagawa lamang ang gawing regular at ang matitirang mahigit pang 600 kontraktwal ay pinalilipat sa bagong *labor agency*. Araw-araw namang nagmamartsa ang mga manggagawang nakasuot ng kanilang uniporme patungo sa magkabilang dulo ng *gate* ng pagawaan upang ipakita ang kanilang protesta.

Noong Hunyo 14, nagkilos-protesta ang mga manggagawang kontraktwal ng Clarmil sa pangunguna ng Liga ng Manggagawa para sa Regular na Hanapbuhay (Liga) sa harap ng *outlet* ng Goldilocks sa Sta. Rosa, Laguna. Ipinanawagan nila ang pagpapatupad ng desisyon ng DOLE hinggil sa pagrereregularisa sa kanila.

Naglunsad din ng kilos-protesta ang mga manggagawa ng Manila Cordage Company at Manco Synthetic, Inc. (MCC-MSI) sa harap ng opisina ng National Labor Relations Commission (NLRC). Tinututulan nila ang petisyon ng MCC-MSI para sa Temporary Restraining Order at Permanent Injunction Order (TRO-PIO).

Noong Hunyo 13 naman, nagkilos-protesta ang mga manggagawang kontrakwal ng multinasyunal na kumpanyang Procter & Gamble (P&G) sa DOLE Provincial Office sa Laguna para sa pangalawang *mandatory conference* sa pagitan ng LABANKAMI-P&G-LIGA at ng mga ilegal na ahensya sa paggawa na Topserve at ARM. Wala pa ring desisyong pabor sa mga manggagawa ang NLRC.

Samantala, inilunsad naman ng mga manggagawang kontraktwal ng TAKATA ang pagkilos upang igiit ang pagrereregularisa sa kanila. Resulta nito, dinesisyonan ng DOLE ang pagrereregularisa sa 3,900 manggagawa sa nasabing pagawaang pagmamay-ari ng Hapon na gumagawa ng *airbags* ng sasakyan. ☒

## Araw ng Huwad na Kalayaan, sinalubong ng kilos-protesta

**N**aglunsad ng kilos-protesta ang Bagong Alyansang Makabayan-Southern Tagalog (BAYAN-ST) sa Aguinaldo Shrine sa Kawit, Cavite noong Hunyo 12 sa araw ng ika-119 anibersaryo ng Huwad na Kalayaan. Kinundena nila ang patuloy na pagyurak ng imperyalismong US sa pambansang soberanya ng Pilipinas tulad ng nagaganap sa kasalukuyang panghihimasok nito sa krisis sa lungsod ng Marawi.

Walong aktibista ang ilegal na inaresto habang isinasagawa ang kilos-protesta. Gayunman, matapos magpiket ang mga progresibong organisasyon ay pinalaya rin sila.

Ayon kay Jaime “Ka Diego” Padilla, tagapagsalita ng Melito Glor Command-Bagong Hukbong Bayan Timog Katagalugan (MGC-BHB TK), dapat ilantad at labanan ang papel ng US-CIA-Pentagon sa kaguluhang nagaganap sa Mindanao at sa buong bayan. Dagdag nya, kailangang patuloy na makibaka ang mamamayan laban sa imperyalistang mga banta at atake, at ipaglaban ang pambansang kasarinlan at soberanya ng Pilipinas. ☒

---

## Pagpapatigil ng demolisyon ng pangisdaan, kinundena

**K**inundena ng Pambansang Lakas ng Kilusang Mamamalakaya ng Pilipinas (PAMALAKAYA-Pilipinas) at ng Save Laguna Lake Movement ang pagpapatigil ni DENR Secretary Roy Cimatu sa demolisyon ng malalaki at pribadong pangisdaan na kumokontrol at sumisira sa lawa.

Samantala, tinanggap ng PAMALAKAYA ang pagsasaboy ng Department of Agriculture at Bureau of Fisheries and Aquatic Resources ng 5 milyong *fingerlings* sa 90,000 ektaryang Laguna de Bay noong Hunyo 14.

Ayon kay Fernando Hicap, tagapangulo ng PAMALAKAYA, ang pagsasaboy ay bahagi ng kampanya ng dating kalihim ng DENR na si Gina Lopez upang muling buhayin ang lawa at ibukas ito sa masaganang pangingsda ng maliliit na mamamalakaya. ☒



### ***Mga operasyong militar sa Quezon***

Mula Hunyo 15, naglunsad ng sustinidong mga operasyong militar ang may 100 armadong tropa ng 85th IBPA sa mga barangay ng Ilayang Ilog, Villa Nacaob, Sta. Elena, Mabini at San Rafael sa Lopez, Quezon. Dumanas ng mararahas na panghahalughog, interogasyon, panggigipit at iba pang mga pang-aabuso sa karapatang pantao ang mamamayan na nagdulot ng matinding takot sa kanila.

### ***Mga magsasaka sa Kapdula, dinahas***

Nakararanas ngayon ng pandarahas at pananakot ang mga magsasaka sa Lupang Kapdula para pigilan silang linangin at pagyamanin ang kanilang lupa. Noong Hunyo 7, tinakot at ginipit ng 12 gwardya ng Sigma Security Agency na armado ng matataas na kalibre ng baril ang mga magsasaka.



Dalawang dekada na ang nakararaan, kinamkam ng JAKA ng pamilyang Enrile kasabwat ang South Cavite Land Corporation, Inc. at Sta. Lucia Realty and Development Corp. ang 155 ektaryang lupain sa Kapdula sa pamamagitan ng isang Joint Venture Agreement.

### ***Lider-magsasaka sa Batangas, pinaslang***

Pinaslang ang isang lider-magsasaka na si Lito Casalla ng mga di-kilalang lalaki sakay ng isang kotse sa Brgy. Talibayog, Calatagan, Batangas noong Hunyo 3. Dagdag ito sa patuloy na dumaraming kaso ng pandarahas sa mga magsasaka at mangingisda sa Calatagan na lumalaban sa pangangamkam ng lupa ng Astorias Mining Corporation na pagmamay-ari ng pamilyang Cojuangco at ni Ramon Ang. Umaabot na ng 13 trak ng pasistang militar ang idineploy sa unang distrito ng Batangas.

### ***Komunidad sa isla ng Cagbalete, nakaambang idemolis***

Nakaambang mademolis ang tahanan ng mahigit 70 pamilya ng mga mangingisda sa Cagbalete, Quezon. Ito’y matapos bilhin ng mayor ng Mauban, Quezon na si Dingdong Llamas ang ilang bahagi ng baybaying-dagat ng isla. Sa ngalan ng proyektong ekoturismo gaya ng pagtatayo ng *beach resort* ay ilang pamilya ang mawawalan ng kabuhayan at tirahan. ☒

---

## ***Red alert status, idineklara sa Timog Katagalugan at Bikol***

**M**atapos ipataw ang Batas Militar sa Mindanao, idineklara naman ng Southern Luzon Command (SOLCOM) ang *red alert status* sa mga rehiyon ng Timog Katagalugan at Bikol noong Mayo 26. Noong Mayo 31, inilina ni Brig. Gen. Restituto Padilla, tagapagsalita ng Armed Forces of the Philippines (AFP), na ito ay laban sa Bagong Hukbong Bayan (BHB).

Ayon kay Jaime “Ka Diego” Padilla, tagapagsalita ng Melito Glor Command-BHB Timog Katagalugan (MGC-BHB TK), ang gayong deklarasyon at ang

kasunod na mga insidente ng pagtatayo ng *random checkpoints* sa buong Luzon ng mga pwersang panseguridad ng estado, gayundin ang mga operasyong militar laban sa mga yunit ng BHB ay lumilikha ng kundisyon para sa pagpapataw ng Batas Militar sa buong bansa.

Ipinanawagan ni Ka Diego sa mamamayang Pilipino na igiit ang pagbabasura sa Batas Militar sa Mindanao at labanan ang nagbabadyang deklarasyon nito sa buong bansa. ☒

# Pagtatarabidan

Taong 2014, pumunta ang gobernador ng Palawan sa komunidad ng mga Palaw'an upang paalisin sila't bigyang daan ang pagtatayo ng mga malalaking negosyo.

Dito ako tumanda at nagkaanak! Nandito rin ang hanapbuhay namin!

Saan na tayo titira at maghanapbuhay?

Kailangan niyo nang umalis dito!

**Dole, Inc.**  
**Nestlé**  
**Lion Heart**  
**Agumil Phils.**

Hindi tayo papayag na mapaalis sa lupang ninuno natin! Kailangang maghanda ang lahat ng Palaw'an!

Tama ang Panlima!

Idinulog nila ang kanilang suliranin sa NPA.

Kailangang magkaisa ang mga katutubo at magkaroon ng hakbangin para lumaban at umunlad ang kabuhatan.

Ngayon na ang panahon upang bumuo ng samahan ng mga katutubong lalaban para sa ating mga karapatan!

Sa pangunguna ng mga Panlima, pinagplanuhan at pinaghandaan ang pagpapatawag ng kumperensya upang buuin ang organisasyon na magbibigkis sa mga hinaing at karapatan ng mga katutubo sa Palawan. Katuwang rin nila ang NPA.

Siguradong malaking pagtitipon ang magaganap!

Pupunta ka ba sa kumperensya?

Oo, pupunta ako!

MGA KATUTUBO, MAGKAYSARA KITA PARA SA MAEGGET NA PAGTATARABIDAN!

SUPOK

Ika-29 ng Disyembre 2014, inilunsad ang kumperensya sa loob ng isang sonang gerilya at binuo ang Supok; ang rebolusyonaryong organisasyon ng mga katutubo sa Palawan.

\*Panlima - mga pinuno ng Palaw'an Pagtatarabidan - Pagkakaisa